Ang pagkawalang-kaya na matuto ay isang problema kung paano tumanggap ang utak sa pagbuo, pag-intindi o paggamit ng mga impormasyon.

Mga karagdagang detalya

Ang pagkawalang-kaya na matuto:

- Ay nangyayari sa mga taong katamtaman o higit sa katamtaman ang katalinuhan.

- Ay nakakaapekto sa:
  - Pagbabasa
  - Pananalita
  - Pagiintindi
  - Panunulat
  - Matematiko
  - Pagaayos
  - Pakikipagkapwa

- Ang pagkawalang-kaya na matuto ay *hindi nakikita* (hindi mo maaring tignan ang isang tao at malaman na sila ay may pagkawalang-kaya)

- Mga 5-8% ng mamamayan ay may pagkawalang-kaya na matuto

Ang mga taong may pagkawalang-kaya na matuto ay maaring magtagumpay:

- Kapag alam nila ang mahirap para sa kanila
- Kapag alam nila kung ano ang kaya nila
- Kapag mapabuti nila ang nababagay na kahusayan
- Kapag alam nila ang makakatulong
- Kapag sila ay humingi ng tulong at sila'y natulungan

May iba pang mga dahilan, maliban sa pagkawalang-kaya na matuto, kung bakit ang mga bata ay nahihirapan na matuto, pagkilos o sa pakikisali sa iskuwela.

Ang ilan nito ay:

- Mga damdaming pagkabigo, pagkabalisa , kalungkutan o takot
- Mga problema sa sakit,
- Pakiramdam na may sakit, gutom, pagod
- Mga problema sa bahay o ibang problema sa mga kaibigan
- Hirap makinig o nalilito
- Paggamit ng gamot, mga droga o alak

Ano ang magagawa ng mga magulang upang tulungan ang kanilang anak:

- Magpatulong kung kinakailangan sa mga ahensiya ng komunidad o mula sa ibang mga magulang (sa sarili o mula sa mga grupong nagsusuportahan)
- Alamin ang mga serbisyong espesyal na edukasyon na mayroon sa iskuwela
- Intindihin ang kanilang mga karapatan sa suporta at mga tulong para sa kanilang anak na may pagkawalang-kaya na matuto sa iskuwela
- Makisali sa mga pagplano sa edukasyon sa pamamagitan ng:
  - Pagaalam kung sino ang mga taong nagdidisisyon
  - Pagtatabi ng mga tala mula sa iskuwela, mga doktor atbp.
  - Magtala ng mga inpormasyon tungkol sa pagkawalang-kaya na matuto at tungkol sa anak
  - Pagpapaalam sa iskuwela ang kakayahan at mga hilig ng kanilang anak
  - Ang pagbigay-diin sa pangangilangan ng mga solusyon

paki tignan sa likod

- pakikisali ng kanilang anak: na tulungan siyang matutong ipagtanggol ang sarili

- Intindihin ang pagkawalang-kaya na matuto ng kanilang anak at mga epekto nito
- Tulungan ang kanilang anak na maintindihan nila ang pagkawalang-kaya nilang matuto
- Tulungan ang kanilang anak na alamin ang kanilang kakayahan at saklaw ng kaniyang talino
- Tulungan ang kanilang anak ihugis ang kanilang kakayahan
- Palakasin ang loob ng kanilang anak sa pagpapabuti at pag-aaral kahit sila ay mabagal kaysa sa iba.
- Ilagay sa ayos ang inaasahan magsaalang-alang sa lawak ng pagkawalang-kaya na matuto ng kanilang anak.
- Himukin ang kanilang anak na pag-usapan ang mahirap na karanasan sa iskuwela o sa mga kapareho niya
- Mag-ingat sa pagpayo sa anak na may pagkawalang-kaya ang mensahe na posible ang magtagumpay
- Himukin magsanay sa pagpapapahusay ng kanilang mga galing
- Purihin nang totoo ang kanilang pagsisikap at paghihirap sa gawain



Kausapin ang iskuwela, ahensiya ng komunidad o inyong doctor:



- kung ang bata/nagbibinata/ nagdadalaga ay inaapi
- kung ang programa ng iskuwela ay hindi tugma sa kaniyang panganga-ilangan
- kung ang bata/nagbibinata/ nagdadalaga ay kailangan ng tulong sa araling-bahay
- kung ang bata/nagbibinata/ nagdadalaga ay kailangan ng tulong (dahilan sa kalungkutan, pagkabalisa, o panganib sa pananakit sa sarili)

Mga ahensiya ng komunidad na tumutulong sa mga pagkawalang-kaya na matuto

Integra
416-486-8055
info@integra.on.ca
www.integra.on.ca
25 Imperial Street, 4TH Floor
Toronto, ON M5P1B9

INTEGRA

Learning disAbilities Association of Toronto District
416-229-1680 or 416-229-9046
admin@ldatd.on.ca
www.ldatd.on.ca
121 Willowdale Ave.
203
Toronto, ON M2N 6A3

Learning disAbilities Associations
Toronto District Chapter

The Integra Resource Centre

Ano ang pagkawalang-kaya na matuto?

TUMUTULONG SA
MGA BATA AT SA KABATAAN

THE ONTARIO TRILLIUM FOUNDATION
LA FONDATION TRILLIUM DE L'ONTARIO